

# **Pagmamahal sa mga Dukha**

*(Pambungad na Panalangin, pahina ii)*

## **I. ANG TATLONG PAGBASA**

### **UNANG PAGBASA** (Am 6:1a, 4-7)

<sup>1</sup>ITO ang sinasabi ng Panginoong makapangyarihan: “Kahabag-habag kayong namumuhay na maginhawa sa Sion! <sup>4</sup>Kahabag-habag kayo na nahihiga sa magagarang kama at nagpapahinga sa malalapad na himlayan, habang nagpapakabusog sa masasarap na pagkain. <sup>5</sup>Lumilikha pa kayo ng mga awit sa saliw ng mga alpa, tulad ni David. <sup>6</sup>Sa malalaking mangkok na kayo umiinom ng alak at mamahaling pabango ang ipinapahid ninyo sa katawan. Ngunit itinangis na ba ninyo ang darating na pagkawasak ng Israel? Hindi. <sup>7</sup>Kaya nga, kayo ang unang ipatapon. Matitigil na ang inyong mga pagpipiging at pagsasaya.”

**Tema: Walang Pakialam**

### **PAGPAPALIWANAG**

- Sa b.1 nagsalita si Propeta Amos sa ngalan ng Diyos tungkol sa sitwasyong sosyal ng Israel. Kanyang binalaan ang mga walang pakialam sa Sion (Jerusalem). Wala silang pakialam sa kasalukuyang pangyayari.
- Sa bb. 4-7, ipinapahayag kung ano ang ginagawa ng mga luho. Sila ay nagpapakasaya sa buhay nila. Sila ay nabubuhay sa komportableng pamumuhay. Sila ay kumakain at umiinom upang busugin ang kanilang mga tiyan. Sila ay nakikinig sa mga musika. Ipinapahid nila sa kanilang mga katawan ang mga mamahaling pabango.
- Sila ay mga manhid. Hindi sila apektado sa kinahantungan ni Jose (Tribo ni Israel, Efraim, at Manasseh).
- Sila ay nagpatuloy sa kanilang mga ginagawa.
- Hindi sila nagpakita ng simpatya sa mga



taong apektado ng delubyo (Pananakop at Pagwasak).

- Dahil hindi sila kontento sa kanilang buhay, sila’y parurusahan. At ang kanilang parusa ay hayagang inihayag: una, sila ay ipapatapon.
- Pagpapatapon, ang siyang paraan upang matanggal nila sa kanilang mga sarili ang mga luho buhat sa kanilang kinalalagyang sitwasyon papunta sa lugar na kung saan wala nang anumang mga luho.

### **PAGNINILAY**

Si Amos, ang Propeta ng katarungang panlipunan ay nagbanta laban sa mga taong nabubuhay sa karangyaan sa gitna ng malawakang kahirapan at pananakot sa mga nakararami.

---

### **SALMONG TUGUNAN** (Slm 145)

**KALUL’WA KO, ’YONG PURIHIN ANG  
PANGINOONG BUTIHIN.**

### **IKALAWANG PAGBASA** (1Tim 6:11-16)

*Ang mga Dapat Ayon Kay Pablo*

<sup>11</sup>IKAW na lingkod ng Diyos, sikapin mong mamuhay sa katuwiran, kabanalan,

pananalig, pag-ibig, pagtitiis at kaamuan. <sup>12</sup>Gawin mo ang buo mong makakaya sa pakikibaka alang-alang sa pananampalataya at kakamtan mo ang buhay na walang hanggan, yamang diyan ka tinawag ng Diyos nang ipahayag mo sa harapan ng maraming saksi ang iyong pananampalataya. <sup>13</sup>Sa ngalan ng Diyos na nagbibigay-buhay sa lahat ng bagay, at sa ngalan ni Kristo Hesus na nagpatotoo sa harapan ni Poncio Pilato, <sup>14</sup>iniuutos ko sa iyo: ang mga tagubiling ito’y panatilihin mong mabisa at walang kapintasan hanggang sa pagdating ng Panginoong Hesukristo.

#### **Ang Dahilan sa Pagsunod ng Kautusan**

<sup>15</sup>Sa takdang panahon, siya’y ihahayag ng mapagpalang Diyos, ang makapangyarihang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. <sup>16</sup>Siya lamang ang walang kamatayan, ang nananahan sa liwanag na di matitigan. Hindi siya nakita o makikita ninuman.

#### **Doxolohiya**

Sa kanya ang karangalan at ang walang hanggang kapangyarihan. Amen.

**Tema:** **Pagtataguyod ng Pagiging Matuwid**

#### **PAGPAPALIWANAG**

- Sa b.11 pinaalalahanan ni Pablo si Timoteo na ang lider ng simbahan ay dapat isang alagad ng Diyos.
- Iniutos ni Pablo ang mga sumusunod: Ipagpatuloy ang pagiging matuwid... (b.11); makibaka ng maayos... (b.12); magpanatag... (b.12); panatilihin mo ang mga kautusan... (b.14).
- Binigyan ng dahilan upang ipagpatuloy ang pagiging matuwid... at panatilihin lagi ang mga utos: ang Diyos ay ipahahayag na Hari ng mga hari...

#### **PAGNINILAY**

Hindi lamang isang ordinaryong tao ang pinaalalahanan ni Pablo, bagkus ay isang

taong may responsibilidad at kinikilala bilang lingkod ng Diyos.

---

#### **MABUTING BALITA** (Lc 16:19-31)

#### **Ang Mayaman at ang Dukha Habang Dito sa Mundo**

NOONG panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga Pariseo: <sup>19</sup>“May isang mayamang nagdaramit nang mamahalin at saganang-sagana sa pagkain araw-araw. <sup>20</sup>At may isa namang pulubing nagngangalang Lazaro, tadtad ng sugat, na nakalupasay sa may pintuan ng mayaman <sup>21</sup>upang mamulot kahit mumong nahuhulog mula sa hapag ng mayaman. At doo’y nilalapan siya ng aso at dinidilaan ang kanyang mga sugat.

#### **Ang Dukha at ang Mayaman Pagkatapos ng Kamatayan**

<sup>22</sup>Namatay ang pulubi, at dinala ng mga anghel sa piling ni Abraham. Namatay rin ang mayaman, at inilibing. <sup>23</sup>Sa gitna ng kanyang pagdurusa sa Hades, tumingala ang mayaman at kanyang natanaw sa malayo si Abraham, kapiling si Lazaro.

#### **Sa Impiyerno, Nagsusumamo ang Mayaman**

<sup>24</sup>At sumigaw siya: ‘Amang Abraham, mahabag po kayo sa akin. Utusan ninyo si Lazaro na isawsaw sa tubig ang dulo ng kanyang daliri at palamigin sa aking dila, sapagkat naghihirap ako sa apoy na ito.’

#### **Ang Magkasalungat na Pangyayari**

<sup>25</sup>Ngunit sinabi sa kanya ni Abraham, ‘Anak, alalahanin mong nagpasasa ka sa buhay sa ibabaw ng lupa, at si Lazaro’y nagtiis ng kahirapan. Ngunit ngayo’y inaaliw siya rito, samantalang ikaw nama’y nagdurusa.

#### **Imposible**

<sup>26</sup>Higit sa lahat, inilagay sa pagitan natin

ang isang malaking bangin upang ang mga narini ay hindi makapariyan at ang mga nariyan ay hindi makaparini.’

***Patuloy na Nagsusumamo ng Mayaman***

<sup>27</sup>At sinabi ng mayaman, ‘Kung gayun po, Amang Abraham, ipinamamanhik ko sa inyong papuntahin si Lazaro sa bahay ng aking ama, <sup>28</sup>sapagkat ako’y may limang kapatid na lalaki. Paparoonin nga ninyo siya upang babalaan sila at nang hindi sila humantong sa dakong ito ng pagdurusa.’

***Ang Karunungan ni Abraham***

<sup>29</sup>Ngunit sinabi sa kanya ni Abraham, ‘Nasa kanila ang mga sinulat ni Moises at ng mga propeta; pakinggan nila ang mga iyon.

***Makulit ang Mayaman***

<sup>30</sup>‘Hindi po sapat ang mga iyon,’ tugon niya, ‘ngunit kung pumunta sa kanila ang isang patay na muling nabuhay, tatalikdan nila ang kanilang mga kasalanan.’ <sup>31</sup>Sinabi sa kanya ni Abraham,’

***Hindi Naantig si Abraham***

‘Kung ayaw nilang pakinggan ang mga sinulat ni Moises at ng mga propeta, hindi rin nila paniniwalaan kahit ang isang patay na muling nabuhay.’”

**Tema: Ang (Di Mabuting) Kalagayan ng Mayaman**

**PAGNINILAY**

Ang Ebanghelyo ay para sa mga nag-iisip ng para sa sarili lamang at wala ni katiting na pakialam sa mga mahihirap.

Ang hindi nakikinig sa Diyos ay hindi nakikinig sa mga mahihirap.

Kung wala tayong panahon, puwang at pera para sa mga mahihirap, nangangahulugan itong di tayo nakikinig sa paanyaya ng Diyos.

Ang lahat na walang malasakit sa mga mahihirap ay walang lugar sa kaharian ng langit.

**II. PAG-UUGNAY**

Sa Unang Pagbasa, itinuturo na ang pagiging maluhu ay hindi sukatan ng estado o kalagayan sa buhay.

Sa Ikalawang Pagbasa, tinuturuan tayo na hindi dapat tayo maging maluhu, kung hindi ipagpatuloy ang pagiging matuwid, ang pagmamahal para sa mahihirap at pagsunod sa mga kautusan.

Sa Ebanghelyo, tinuturuan tayong maging maawain para sa mga mahihirap at hindi puro na lamang mga luho sa buhay.

**III. SALAMIN NG BUHAY**

1. Ngayon ay ipinagdiriwang ang “National Seafarer’s Day.”

2. May kilala ka bang pamilyang OFW’s at mga Seafarer na umalis ng bansa?

3. May mga paaralan ngayon na nagsisikap na mamulat ang kanilang mga mag aaral sa pamamagitan ng pagpunta sa lugar ng mga *informal settlers* upang maipakita ang tunay na kahulugan ng hustisya at malasakit sa mga lubos na nangangailangan. (HM)

**Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM**  
*Isinalin ni Jonarld Manansala*